



Universiteit  
Leiden  
The Netherlands

## Children's response to humor in translated poetry

Morta, A.R.

### Citation

Morta, A. R. (2023, December 12). *Children's response to humor in translated poetry*. LOT dissertation series. LOT, Amsterdam. Retrieved from <https://hdl.handle.net/1887/3666270>

Version: Publisher's Version

License: [Licence agreement concerning inclusion of doctoral thesis in the Institutional Repository of the University of Leiden](#)

Downloaded from: <https://hdl.handle.net/1887/3666270>

**Note:** To cite this publication please use the final published version (if applicable).

---

## Buod

---

Nilalayon ng pag-aaral na ito na bigyang linaw kung paano naiintindihan ng mga bata ang katatawan sa mga isinaling nakakatawang tulang pambata. Sumali ang mga bata na nasa ikatlong baitang sa Pilipinas sa mga pagbabasa ng mga tula upang pag-usapan ang mga isinaling tula mula Ingles patungong Filipino. Natuklasan na mas napapahalagahan ng mga bata ang katatawanan sa salin mula sa personal kasya pangkulturang pagtingin. Nahihikayat din ng katatawanan ang mga bata na magbasa ng iba pang tula at magbasa sa Filipino. Ipinapahiwatig nito ang pangangailangan para sa mga babasahing Filipino para sa mga batang Pilipino sa ganitong edad. Hindi tulad sa natuklasan ng mga ibang pag-aaral, ang mahinang pag-unawa ay hindi hadlang para mapahalagahan ang katatawanan at nagbibigay ang pag-aaral na ito ng ilang kadahilanan. Pinagtibay din ng pag-aaral na ito na ang katatawanan ay isang gawaing panlipunan: higit na nagugustuhan ng mga bata ang nakatatawang teksto kung ito'y binabasa kasama ang ibang tao. Mas nagigiging nakatatawa ang nakatatawang tekso kung napapag-usapan ang katatawanan dito, salungat sa mga naunang pag-aaral na sinasabang humihina ang katatawanan kung ito ay pinag-uusapan. Subalit walang pagtatangi na nakita pagdating sa kung ang teksto ay binabasa sa sarili o pinakikinggan habang ito'y binabasa. Nauunawaan ng mga bata ang katatawanan sa mga nakakatawang tulang pambata bilang para sa lahat (ibig sabihin ay nagugustuhan din ito ng mga nakatatanda) na nangangahulugang tinatanggap din ng mga bata na maaaring magkaroon ng dalawahang mambabasa (o dual readership) ang panitikang pambata. Lumalabas din sa pag-aaral na mayroong mga pagkakaiba sa kasarian pagdating sa pag-unawa ng katatawanan. Mas maraming batang lalaki kaysa babae ang nagbigay ng sagot na kinakatigan ang superiority theory ng katatawanan habang mas maraming batang babae kaysa lalaki ang may mga tugon na nagpapatunay sa incongruity theory ng katatawanan. Siniyasat ng pag-aaral na ito kung paano naimpluwensyahan ng isang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino ang mga tugon ng mga bata. Sa pagtatapos, pinapakita sa pag-aaral na mas mahalaga ang nilalaman kaysa anyo sa paglikha ng katatawanan sa mga nakakatawang

tulang pambata. Ibig sabihin, ang tula ay maaari pa ring maging nakatatawa kahit walang tugma o ritmo. Sumasalungat ito sa paniwala na kailangan ang tugma sa mga nakatatawang tulang pambata. Salungat din sa natuklasan ng ibang mga mananaliksik, ang malayang taludturan ay nagugustuhan din ng mga bata. Isa sa mga mungkahi ay suriin kung ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay totoo rin para sa mga bata sa ibang edad at kung ang mga tula ay isinalin mula Filipino patungong Ingles.

Nakatuon ang Kabanata 2 sa kahulugan ng panitikang pambata. Ipinapakita ng kabanata na bagaman mabibigyan kahuluguan ang panitikang pambata, ang pagpapaliwanag dito'y bukas sa debate dahil ang mismong mga kahulugan ay hindi permanente at may iba't iba, at minsan pa nga'y magkakasalungat, na pamamaraan ng pagbibigay kahuluguan sa dyanra. Subalit hindi kasama sa mga kahulugang ito ang mga pananaw ng mga bata at nakabatay lamang sa palagay ng mga matatanda tungkol sa panitikang pambata. Kung kaya't sinusuri ng pag-aaral na ito kung paano nauunawaan ng mga bata ang mga tekstong pangunahing nakalaan para sa kanila sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa poetry reading session tungkol sa nilalayong mambabasa ng mga tulang pambata. Isa pang nilalayan ng kabanata ay ipakita kung paano kaakibat ng pagkakauunawa sa panitikang pambata ang umuunlad na konspeto ng pagkabata, mula sa panahong medyebal hanggang modernong panahon. Subalit ang mga konseptong ito ay kultural na binuo at hindi umuusad sa tuwid na direksyon para sa lahat ng kultura. Dahil ang mga orihinal na tula ay naipasa sa ibang kultura sa pagkakasalin ng mga ito sa Filipino, mahalagang makita kung ang mga mambabasa ay nakakaugnay sa konteksto ng mga tula. Kung nakakaugnay ba ang mga bata sa mga tauhan at sitwasyon sa tula'y sinaliksik sa mga poetry reading session. Tinatalakay din ng kabanata ang estado ng panitikang pambata. Para sa ibang iskolar, hindi natatamasa ng panitikang pambata ang estado na mayroon ang panitikang pang-nakatatanda. Subalit ang estadong ito'y nag-iiba ayon sa kultura. Nagtatapos ang kabanata sa pagpapakilala ng role dualism, isang konsepto na binuo ng may-akda upang ipaliwanag kung paano nagiging lehitimo ang papel ng mga nakatatanda bilang tagalikha at taga-kontrol ng kung anong maaari at dapat basahin ng mga bata.

Hindi lang ang panitikang pambata ang nasa periphery ngunit kadalasa'y pati ang isinaling panitikan. Ito ang minungkahi ni Even-Zohar sa kanyang polysystem theory na tinatalakay sa Kabanata 3. Sinisiyasat ng kabanata kung paano ang isinaling panitikan sa Pilipinas ay kumilos mula periphery patungong gitna sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol. Binigyan ng natatanging pansin ang bahaging ito ng kasaysayan ng Pilipinas sapagkat sa panahong ito nagawang pormal ang isinaling panitikang pambata. Ang pangkasaysayang pagtingin sa pagsasalin ng panitikang pambata'y nagpapalalim sa pag-unawa sa umuunlad na tungkulin ng pagsasalin sa isang dating kolonya. Para maihambing ang dati at kasalukuyang tungkulin, tinatalakay din ng kabanata ang mga kasalukuyang direksyon ng isinaling panitikang pambata sa Pilipinas. Pinaipakita ng mga kontemporaryong tunguhin na ang pagsasalin ng panitikang pambata'y may impluwensya pa rin ng karanasang kolonyal ng bansa. Isang

palatandaan nito ang bilang ng mga bilingual na aklat para sa mga bata. Ang nasabing impluwensya'y pinagtitibay ng resulta ng mga poetry reading session na tiningnan ang higit na gustong wika ng mga bata sa pagbabasa.

Higit na mahirap magsalin ng tula kaysa akdang tuluyan sapagkat kailangan isaalang-alang ng tagasalin hindi lamang ang nilalaman kundi pati na rin ang anyo kabilang na ang tugma, ritmo at sukat. Sa Kabanata 4, ipinapakita na madalas ay hindi maaaring maging tapat sa parehong nilalaman at anyo ang tagasalin at kailangan mamili kung alin ang higit na pahahalagahan. Sa ganitong kadahilanan, dalawang uri ng salin ang ginawa para sa pag-aaral na ito: isang batay sa anyo at isang batay sa nilalaman. May iba't ibang balangkas na maaaring magpaliwanag ng pagsasalin batay sa anyo. Dalawa ang tiningnan ng pag-aaral na ito: ang apat na anyo ng pagsasalin ng tula ni Holmes at ang tatlong paraan ng pagsasalin ng panulaang ritmo ni Kochol. Gayunman, bagaman nakatutulong ang mga balangkas, mayroon silang mga limitasyon: may mga kaso hindi malinis na nabibilang sa isang uri o kategorya lamang. Ibig sabihin ay dapat gamitin ang mga umiiral na balangkas ng may pag-iingat at itama ang mga ito sa pamamagitan ng mga bago o hybrid na klasipikasyon na kabibilangan ng ibang mga kaso. Tinatalakay din ng kabanata ang cognitive poetics ni Tsur upang ipaliwanag kung bakit may natatanging padron ng ritmo na mas nararapat para sa nakatatawang tula. Tungkol sa nilalalaman, ipinapakita na bagaman may malikhaing kalayaan ang tagasalin, hindi siya malayang baguhin ang kahulugan ng teksto. Ito'y mahirap na igarantiya dahil ang salin ay interpretasyon ng tagasalin sa tula, na nangangailangan ng husay sa pagbabasa upang maintidihan ang kahulugan ng tula. Nagiging mabisa ang katatawanan sa mga naratibong tula kung pipigilin muna ng mambabasa ang hindi paniniwala sa balintuna. Tinatalakay ng kabanata kung paano makakagabay ang kaalaman sa papel ng nabanggit na suspension of disbelief sa aktwal na pagsasalin. Panghuli, sinisiyasat ng kabanata ang pagsasalin ng pangngalang pantangi at ang mga hamon nito kapag isinaalang-alang ang mga pagkakaiba-iba sa mga teoryang tumatalakay dito.

Sa Kabanata 5, sinisiyasat ang pagkakaipareho sa pagitan ng katatawanan at panitikang pambata: pareho silang mahirap bigyang kahuluguan. Maaaring bigyan ng depinisyon ang katatawanan batay sa pisikal na tugon dito, layunin o sa mga kognitibong proseso na kailangan sa pagpapahalaga rito. Subalit, tulad ng pantikang pambata, ang mga depinisyon ay magkakaiba sa pagitan ng mga iskolar. Tatlong teorya ng katatawanan ang pinag-aralan: ang incongruity theory, relief theory at superiority theory. Ang katatawanan ay naiimpluwensyahan ng kultura at ipinapakita ng kabanatang ito kung paano naiimpluwensyahan ng kultura ang katanggap-tanggap na anyo ng katatawanan. Ang impluwensya ng kultura sa pagtanggap sa katatawanan ay makikita sa mga sagot ng mga bata sa pag-aaral at higit na sinisiyasat sa Kabanata 8 patungkol sa pagpapaliwanag. Ang katatawanan para sa mga bata'y tinalakay batay sa mga yugto ng pagbuo ng katatawanan na minungkahi ni McGhee. Partikular na diin ang binigay sa huling yugto kung saan napapabilang ang mga lumahok sa pag-aaral. Sapagkat kinakatigan lamang ng mga palagay ni McGhee ang incongruity theory, may

pangangailangan pang maintindihan ang relief theory at superiority theory mula sa perspektibo ng kognitibong pagbuo ng katatawanan sa mga bata – maaari itong maging pokus ng ibang mga pag-aaral. Matapos ito, tumungo ang pagtalakay sa katatawanan sa panitikang pambata. Panghuli, nagbibigay ang kabanata ng ilang katangian ng mga nakakatawang tulang pambata. Isa rito ang pagsasama ng tendentious content at anyong patula na sinasabing magkatuwang sa pagbuo ng katatawanan. Sinisiyasat ng pag-aaral na ito kung alin sa dalawa ang higit na nagpapasya ng katatawanan sa tula; mababasa ang mga natuklasan sa Kabanata 7.

Ang Kabanata 6 ay nakapokus sa metodolohiya na ginamit sa pag-aaral. Nagsisimula ito sa isang seksyon tungkol sa panayam sa mga manlilimbag sa Pilipinas kung saan ang mga resulta'y nagpapatibay sa mga mga sinabi sa pagsusuri ng mga unang pag-aaral (o literature review). Tinatalakay sa kabanatang ito ang mga ginawa sa pangangalap ng kalahok, kabilang na ang mga etikal na pagsasaalang-alang at mga naging suliranin sa pangangalap ng kalahok. Sa partikular, tinatalakay kung paano umangkop sa pandemya ng Covid-19 ang pag-aaral, na nilagay ang pagsisiyasat sa isang pambihirang panahon na may mga bagong hanay ng pamantayan. Malaking bahagi ng kabanata ang ginugol sa pagtalakay sa pagsasalin ng mga materyales para sa mga poetry reading session. Tulad ng nabanggit, dalawang salin ang ginawa: isang nakapokus sa anyo at isang nakapokus sa nilalaman. Sa pagsasalin batay sa anyo, ang dalawang elementong binigyang pansin ay ang haba ng linya/bilang ng pantig at tugma. Pagdating sa nilalaman, pangunahing isinaalang-alang ang leksikal na correspondence o kahulugan ng mga teksto. Pagkatapos nito, ibinabahagi ng kabanata ang disenyo ng poetry reading session; dinedetalye nito kung paano naapektuhan at nabago ng pandemya ng Covid-19 ang disenyo ng pag-aaral. Ang paglihis patungo sa online na channel ng pagkalap ng datos bilang resulta ng pandemya ay may kalamangan at kahinaan ngunit kung gagamitin ng tama at mapaplano nang maayos, higit ang mga kalamangan ng digital sa tradisyonal na pamamaraan tulad ng napuna sa pag-aaral. Ginamit sa pag-aaral ang mga semi-structured na panayam at tinatalakay ng kabanata ang mga benepisyo at kawalan sa ganitong uri ng pagkalap ng datos. Isang pangkalahatang pagsusuri sa mga poetry reading session ang isinama upang gabayan ang ibang mananaliksik na may balak na gamitin ang semi-structured na panayam sa kanilang pag-aaral. Nagtatapos ang kabanata kung paano ang transkripsyon ng mga panayam at ang pagsusuri ng datos.

Ang Kabanata 7, na naglalahad ng resulta ng mga sesyon sa pagbasa ng tula, ay nakaayos batay sa codes na nabuo sa pagsusuri sa mga kasagutan ng mga kalahok sa poetry reading session. Mayroong siyam na seksyon sa kabuuan. Ito ay ang: pangkalahatang pagtingin sa panulaan, itinatanging wika sa pagbabasa, sariling pagtatasa sa pag-unawa sa tula, itinatanging mode ng input sa panulaan, mga kolektibong karanasan sa pagbabasa laban sa indibidwal na karanasan, mga kinikilalang target na mambabasa ng mga tulang pambata, ang relatability ng nilalaman, pag-unawa sa katatawanan at ang kahigtan ng anyo o nilalaman sa pagtukoy ng katatawanan sa mga tula. Dinadagdagan ng mga sipi

mula sa poetry reading session ang mga natuklasan upang magbigay ng katunayan at higit na impormasyon at konteksto. Kasama rin sa kabanata ang ilang tables na nagpapakita kung paano ginawan ng cross-tabulation ang ilang variable, halimbawa na lang ang ugnayan sa pagitan ng kung gaano nakatatawa ang tula at ang kasarian ng mambabasa. Nagtatapos ang kabanata sa ilang punang natanggap mula sa mga kalahok at kanilang magulang. Isinama ang mga puna upang ipakita kung paano ang mga poetry reading session, kahit online ang set-up dahil sa “new normal”, ay nakapupukaw ng pagpapahalaga sa panulaan sa mga nakababatang mambababsa kapag naipakita sa kanila na masaya rin magbasa ng tula. Pinapakita nito na maaaring mag-disenyo at gumawa ng pag-aaral na hindi lamang nakatutulong sa mananaliksik kung hindi direktang nakikinabang ang mga kalahok. Sa kasamaang palad, ang potensyal ng mga pag-aaral na magkaroon ng halaga para sa mga kalahok ay karaniwang nawawala pabor sa pangangalap lamang ng datos.

Sumasaklaw ang Kabanata 8 sa interpretasyon ng mga resulta ng pag-aaral. Nagpapakita ito ng malapitang tingin sa mas mahahalagang natuklasan. Ginamit ang konseptong Filipino na “kapwa” sa pagtalakay sa kasagutan ng mga kalahok. Ang epekto ng pagbabasa ng nakatatawang tula sa relasyong panlipunan, mas malawak na pagbabasa at pagkamalikhain ay siya ring tinalakay. Bukod dito, ipinakita kung paano mas masalimuot ang pagproseso sa mga nakatatawang tula kaysa mga biro at ito’y may implikasyon sa kakayanan na umunawa ng katatawanan. Kung may kaibahang dulot ang sabay na pakikinig at pagbabasa sa tula’y ibinibigay bilang paksa para sa pag-aaral sa hinaharap. Panghuli, ipinapakita ng kabanata ang kagustuhan ng mga bata para sa malayang taludturan na sumasalungat sa mga natuklasan ng mga naunang pag-aaral.

Sa Kabanata 9, ang mga konklusyon ng pag-aaral ay inilalahad. Ang mga ito’y may kinalaman sa pagtingin ng mga bata sa panitikang pambata, ang pagpapalakas ng mga aklat na Filipino sa kakayanang bilingual at ang pang-akit ng panulaan sa mga bata. Bukod dito, tinatalakay ng kabanata ang papel ng kultura at kasarian sa pagpapahalaga sa panulaan, kung anong uri ng “reliability” ang mas nakaiimpluwensya sa pagbabasa ng salin, kung nilalaman ba o anyo ang nagpapasya ng katatawanan sa mga salin na tula, at ang gamit ng grupong panayam sa pag-aaral ng mga katatawanan ng mga bata. Nagtatapos ang kabanata sa ilang mungkahing paksa para sa karagdagang pag-aaral.